American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-231-244
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Pananaliksik sa mga Hamon sa Pag-unawa sa Pakikinig sa Ingles: Isang Pagsusuri sa Iba't ibang Antas ng mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Wikang Filipino

Marlyn S. Cabayacruz[1], Nishreen B. Cabulao[2] , Wilmer G. Diacor[3] , Epifanio Jr. D. Samson[4]
*[1]College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines*
*[2]College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines*

**ABSTRAK:** Ang pag-aaral na ito ay gumawa ng pagsusuri sa mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wikang Filipino ng College of Teacher Education ng Western Mindanao State University. Sa pagkilalang mahalaga ang wika bilang kasangkapan sa komunikasyon at pagkakaisa, binibigyang-diin ng pananaliksik na ito ang kahalagahan hindi lamang ng mahusay na kaalaman sa sariling wika kundi maging sa wikang Ingles. Dahil ang pakikinig ay isa sa mga pinakamahirap na kasanayan sa pag-aaral ng Ingles, ito ang naging pangunahing pokus ng pananaliksik. Gumamit ng kwantitatibong disenyo ang mga mananaliksik upang suriin ang mga tiyak na hamon sa pakikinig na nararanasan ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas na nasa larang ng Filipino. Ginamit sa pagkalap ng datos ang isang talatanungan na tumukoy sa mga pangunahing suliranin sa pakikinig. Batay sa resulta, limang indikasyon mula sa dalawampu ang nakakuha ng mean score na 3.4 hanggang 4.20 na nagpapahiwatig na ito ay mga hamong kadalasang nararanasan, gaya ng usapang maikli o hindi kapana-panabik, hirap sa pagpokus habang nag-iisip ng kahulugan ng bagong salita, mahinang kalidad ng audio, at mabilis magsalita ang tagapagsalita. Bukod dito, tatlo sa limang kategorya—listener factors, kakulangan sa konsentrasyon, at speaker factors—ang itinuturing na pinakamatitinding hamon, at walang kategoryang itinuring na madali. Lumabas din sa Kruskal-Wallis test na tanging ang linguistic aspect lamang ang may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng iba't ibang antas ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, layunin ng pananaliksik na ito na makapag-ambag sa umiiral na kaalaman at makapagpanukala ng mga interbensyon upang mapabuti ang kasanayan sa pakikinig sa Ingles ng mga mag-aaral.

***KEYWORDS*** **:** *Filipino Major, Hamon, Ingles, Pag-unawa sa Pakikinig*

## I. INTRODUKSYON

Mahalaga ang gampanin ng wika bilang instrumento sa pagkakaisa at pagkakaunawaan. Sa pag-aaral ng wika hindi lamang mahalaga ang pagpapa-unlad ng kasanayan sa sariling wika, ang Filipino, kundi mahalaga rin na magtaglay ng kaalaman sa Ingles at maging mahusay rito sapagkat ito ang wikang unibersal at lingua franca ng mundo. Bukod pa rito, hindi maikakaila ang malawak na impluwensya ng Ingles sa iba't ibang larangan.

Sa pag-aaral ni Ullah (2023), nabanggit niya na mula sa iba't ibang wika sa mundo, may isang wika na nangingibabaw, ito'y may malakas na puwersa, nagpapalaganap ng pandaigdigang impluwensya at nakaaapekto sa buhay ng bilyon-bilyon; ang wikang Ingles. Ang wikang Ingles ay may natatangi at mahalagang papel. Ito ay nagtataglay ng isang dominanteng posisyon at malawakang impluwensya sa buong mundo (Zikmundová, 2016). Sa kasalukuyan, maraming tao ang sumusubok na magpakadalubhasa sa wikang ito, lalo pa at magbubukas ito ng maraming oportunidad sa tao lalo pa't malaki ang impluwensiya nito sa pandaigdigang lipunan, ekonomiya at teknolohiya. Ganunpaman ang pag-aaral ng pangalawang wika na hindi ang iyong katutubong wika ay nagdudulot ng maraming hamon.

Nabanggit sa pag-aaral na "The Difficulties Faced and the Strategies Used by English Department Students in Learning English as a Foreign Language" na hindi madali ang pag- aaral ng Ingles. Ito ay maipapakita sa katotohanan na maraming nag-aaral ng Ingles ang hindi pa rin marunong magsalita ng Ingles kahit matagal itong pinag-aralan sa iba't ibang antas (Salim, 2015).

Samantala, ayon naman sa pag-aaral na "An Overview of Listening Skills of Secondary School Students: Barriers and Suggestions" napapadali ng pakikinig ang pag-aaral ng isang wika. Bagamat ang pagbabasa, pagsasalita, pagsusulat at iba pang kasanayan ay maaaring sapat na upang mapabuti ang kahusayan sa wika, mas malaki pa rin ang impluwensiya ng pakikikinig sa proseso ng pag-unlad ng kasanayan sa wika. Sinabi din sa pag-aaral na mas madali nang mapabubuti ang iba pang kasanayan sa wika kapag naunawaan na ang isang wika (Coşkun, 2021). Lahat ng mga pag-aaral, kabilang na ang mga tumutok sa mga kasanayang pangwika, nagpapakita na ang kahusayan sa wika ay nakakamit sa pamamagitan ng pakikinig (45%), pagsasalita (30%), pagbabasa (15%), at pagsusulat (10%) habang tayo ay nakikipagtalastasan.

Ganunpaman, ang pakikinig ay itinuturing bilang pinakamasalimuot na kasanayan sa Ingles at pinakamahirap na kasanayang pangkomunikasyon na dapat paunlarin ng mga mag- aaral. Bukod doon, sa pagpapaliwanag nina Kao at Kuo (2021), ang kahirapan sa pagpapakadalubhasa sa pakikinig ay bunga ng bilis ng pagsasalita ng tagapagsalita.

Sa pag-aaral na "IELTS Listening Test: Listening Comprehension Difficulties of Grade 11 Students" , batay sa naging resulta ng pagsusuring ito, nakabuo ang pananaliksik ng isang kongklusyon na mayroong limang hamon ng pag-unawa sa pakikinig na naglilimita sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang impormasyon. Ang ga hamong ito ay kinabibilangan ng listener factor, linguistic aspect, lack of concentration, word recognition problem, at speaker factor. Ang mga hamong ito ay nagdulot sa mga mag-aaral ng hindi nila pagiging mahusay sa pakikinig, pagproseso ng mga kaalaman, pag-unawa ng mga kahulugan at pagbuo ng bagong kaalaman at nauugnay na mga karanasan. Ang limang hamon na nabanggit ay may malaking epekto sa pakikinig, lalo na sa wikang Ingles.

Dahil ang pakikinig ay isa sa mga hamon sa pag-aaral ng Ingles, nagpasya ang mga mananaliksik na magbigay tuon sa mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles na kinakaharap ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas na nagpapakadalubhasa sa Filipino nang mas maging tiyak ang saklaw ng pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay naglalayong malaman alin sa mga hamon na nabanggit ang madali at mahirap para sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino. Sa pamamagitan nito magkakaroon ng kontribusyon ang mga mananaliksik sa pagdagdag ng kaalaman tungkol nasabing pag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng mga mungkahi na makatutulong upang malutas ang nabanggit na hamon sa pag-unawa sa pakikinig.

## II.PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay alamin ang mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa ingles ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika. Nilalayon nitong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1.Ano ang mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ng mga mag-aaral sa na nagpapakadalubhasa sa Filipino?

2. Alin sa mga kategorya sa pag-unawa sa pakikinig ang madali at mahirap sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa ikalawa, ikatlo at ikaapat na taon?

a) Listener Factor
b) Linguistic aspect
c) Lack of concentration factor
d) Word recognition problem
e) Speaker factor

3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa iba't ibang antas?

## III.KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Ang bahaging ito ay naglalaman ng akademiko at propesyonal na mga babasahin na may kinalaman sa pag-aaral sa mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles. Nagbibigay ng kaalaman sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral na inilakip upang luminaw ang nais ipabatid ng mananaliksik.

### 3.1 Kasanayan sa Wikang Ingles

Ang wika ang pangunahing kasangkapan sa komunikasyon. Sa pamamagitan ng wika ay nakapagpapahayag ang tao ng kanyang ideya at saloobin, at nakapagbabahagi ng kanyang kaalaman. Mahalaga ang pagkakaroon ng sapat na edukasyon sa wika, ito ay mahalagang bahagi ng layunin ng batayang edukasyon sa kasalukuyang mga bansa. Ayon kay Özbay (2013) ang pangunahing layunin ng edukasyon sa wika ay ang pagpapaunlad ng kasanayan sa "Understanding and telling" o ang kasanayan sa pag-unawa at pagsasalita. Gaya

ng nabanggit sa pag-aaral ni Saavedra (2020), ang mga kasanayang ekspresib kabilang ang pagsasalita ay mahalagang malinang lalo na sa mga mag-aaral sa elementarya sapagkat ito ang yugto na sinisimulan nilang ihayag ang iba't ibang ideya.

Ang pagsulong ng kasanayan sa wika ay may malaking kahalagahan hindi lamang sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang pambansa, kundi pati na rin sa wika na siyang ginagamit sa internasyonal na pakikipagtalastasan, ang wikang Ingles na siya ring ginagamit bilang midyum ng pagtuturo sa bansang Pilipinas (Cabigon, 2015). Mas lalong mahalaga para sa mga nagpapakadalubhasa sa wika na linangin at paunlarin at maabot ang mataas na antas ng kasanayan sa wikang Ingles lalo pa't ito ay nagpapatibay ng pundasyon para magtagumpay hindi lamang sa akademikong larangan kundi upang magkaroon din ng mga magagandang oportunidad sa buhay.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Patron at Barrera (2016) sa 386 na mga mag-aaral sa mga napiling pamantasan sa Luzon, 79% ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na may sapat na kaalaman sa wikang Ingles ay matagumpay na natapos ang buong semestre ng kanilang edukasyon at nagkaroon agad ng oportunidad na makapagtrabaho, samantalang may 21% naman na nahihirapan unawain ang mga aralin at hindi natapos sa kanilang kurso.

May mga pag-aaral ang nagpapakita ng positibong ugnayan ng kasanayan sa wika at tagumpay sa larangan ng akademiko. Sa pag-aaral ni Azkiyah et. al (2023) nabanggit ang pag-aaral na isinagawa nina Juliana at Abu Bakar (2013), Khan (2013) at Rose et. al (2019), na nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa Ingles ng mga mag-aaral at sa kanilang tagumpay sa akademiko. Gayundin ang pag-aaral ni Aina et. al (2013), na nagpapakita na ang mga mag-aaral na may mababang proficiency sa Ingles ay hindi makakamit ang mas mataas na mga marka sa mga larangang nakatuon sa nilalaman.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Azkiyah et. al (2023) na naglalayong masuri kung ang antas ng kasanayan sa Ingles ay maaaring magtakda ng akademikong tagumpay, gamit ang kwantitabong pamamaraan upang makalap ang datos ukol sa Grade Point Average (GPA) at English Profieincy (EPT) mula sa 4,959 na mga mag-aaral na nagsusumikap makakamit ng bachelor degree. Lumitaw na may makabuluhang epekto ang proficiency sa Ingles sa akademikong tagumpay sa buong antas ng unibersidad pati na rin sa antas ng bawat kagawaran sa lugar ng pananaliksik.

Ang papel ng Ingles ay hindi lamang limitado sa internasyonal na pakikipagtalastasan, kundi ang pagkakaroon ng mataas na antas ng kasanayan rito ay magreresulta sa tagumpay sa akademikong larangan at magbubukas ng pinto sa maraming oportunidad sa iba't ibang aspeto ng buhay.

**3.2 Kahinaan ng mga Pilipino sa Wikang Ingles**

Ang Wikang Ingles ay isa sa mga opisyal na wika ng bansa batay sa konstitusyon, ito rin ang pangunahinang wika sa paaralan at institusyon sa bansa (Cabigon, 2015). Bukod dito, ang Ingles ay ginagamit din sa mga larangan ng negosyo, agham, teknolohiya, pamahalaan (Mariñas, 2021)

Sa pag-aaral na isinagawa nina Santos et. al (2022) na may layuning masuri ang mga salik na nagdudulot ng pagbaba ng kahusayan sa wikang Ingles ng mga Pilipino. Matapos ang pagsusuri, natukoy ng mga mananaliksik ang ilang mga pangunahing dahilan sa pagbaba ng antas ng kahusayan sa Ingles, kabilang ang kakulangan ng motibasyon ng mga mag-aaral, kawalan ng suporta mula sa tahanan, kalagayan ng kapaligiran sa pag-aaral, estratehiya sa pagtuturo, kalidad ng impormasyon na natatanggap, kalagayan ng ekonomiya at edad ng mga mag-aaral.

Nabanggit sa pag-aaral na bagaman marami sa mga Pilipino ang mahusay sa Ingles sa iba't ibang antas, batay sa English Proficiency Index, napatutunayan na unti- unting bumababa ang kalidad ng kanilang kaalaman sa wika sa paglipas ng panahon. Mula sa ika-14 na puwesto noong 2018, bumagsak ang ranggo ng Pilipinas hanggang sa ika-20 puwesto noong 2019, at mas lalo pang bumaba ito patungo sa ika-27 puwesto noong 2020. Kahit tumaas ang ranggo ng Pilipinas sa ika-18 puwesto noong 2021, malayo pa rin ito sa ika-13 na puwesto noong 2016. Ipinapakita nito na bagamat marami sa mga Pilipino ay marunong ng Ingles, may pagbaba pa rin sa kalidad ng kanilang kaalaman sa wika sa kabuuan. Isinagawa ang pangangalap ng impormasyon sa pamamagitan ng pagsusuri ng iba't ibang pagsasaliksik at mga datos mula sa mga naunang pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malalalim na pag- unawa at agarang pagtugon sa mga suliranin sa kahusayan sa wika sa Pilipinas.

### 3.3 Kasanayan sa Pakikinig

Sa larangan ng Edukasyon, ang pag-aaral ng Ingles ay nangangailangan ng proseso sapagkat ito ay binubuo ng apat na kasanayan– pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat. Lahat ng mga pag-aaral, kabilang na ang mga tumutok sa mga kasanayang pangwika, ay nagpapakita na ang kahusayan sa wika ay nakakamit sa pamamagitan ng pakikinig (45%), pagsasalita (30%), pagbabasa (15%), at pagsusulat (10%) habang tayo ay nakikipagtalastasan.

Bagamat ang pagbabasa, pagsasalita, pagsusulat, at iba pang kasanayan ay maaaring sapat na upang mapabuti ang kahusayan sa wika, mas malaki pa rin ang impluwensiya ng pakikinig sa proseso ng pag-unlad ng kasanayan sa wika. Ang pakikinig ay tumutukoy sa kakayahan ng tao na kilalanin ang isa pang tao sa pamamagitan ng mga pandama, pandinig, at maglaan ng kahulugan sa mensahe upang ito ay maintindihan (Azmi et al., 2014).

Mahalaga na linangin ang kasanayang ito sapagkat nabanggit sa pag-aaral nina Ajmal at Kumar (2020) na ito ay ang pangunahing kasanayan na nararapat taglayin ng isang tao. Sa pag-aaral ng wikang Ingles, mahalaga rin na linangin ang kasanayang ito sapagkat ito ay isa sa pundamental at kritikal na aspeto upang mapatatag ang kakayahan sa pakikipagtalastasan gamit ang wika.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Sebina at Arua (2017), ayon sa kanila ang pakikinig ang pinakakomplikadong kasanayan sa wika at binigyang-diin na nakakaapekto ito sa pag-unlad ng kaisipan ng isang mag-aaral. Ito ay hindi lamang isang kasanayang teknikal sa larangan ng wika, kundi isang pundamental at mahalagang aspeto ng pag-unlad ng kaisipan o paglinang ng kaalaman ng isang mag-aaral na nararapat ay isaalang-alang at hindi kaligtaan (Vu & Shah, 2016). Higit sa lahat, ang pakikinig ay tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ng buong-buo ang impormasyon, magkaroon ng kumpletong kaalaman, at tamang humusga sa kanilang naririnig (Asemoto, 2015; Kazemi & Kiamarsi, 2017).

Sa pag-aaral na isinagawa ni Ahmed (2021) sa mga mag-aaral sa antas ng tersyarya sa Bangladesh, lumilitaw na sila ay nahihirapan sa pag-intindi sa mga diskusyon at talakayang isinagawa sa target na wika, dahil sanay silang makinig sa kanilang sariling wika. Inilahad ng mga kalahok ang kanilang opinyon na hindi nila magawang mapanatili ang kanilang atensiyon habang nakikinig sa audio track bago ang pagsusuri, na nagreresulta sa pag-overlap ng isang paksa sa isa. Inilantad din ng pag-aaral na hindi makita ng mga kalahok ang koneksiyon ng linkers o pause markers. Mahalaga ang pagtutok sa paglinang ng kasanayang ito upang matugunan ang mga hamong ito sa pakikinig sa wika.

Maraming pag-aaral ang nagpapakita na ang pakikinig ay isang pangunahing kasanayan na dapat taglayin ng isang tao. Ito ay hindi lamang isang teknikal na aspeto sa pag-aaral ng wika kundi isang mahalagang pundamental na naglalarawan ng pag-unlad ng kaisipan at kaalaman ng isang indibidwal.

### 3.4 Kasanayan sa Pakikinig sa Ingles

Ang wikang Ingles ay isa sa pinakaginagamit na wika sa mundo at pinakapopular na wika na sinusubukang matutuhan ng karamihan (Wilson, 2016). Itinuturing itong "universal language" at nagbibigay daan ito para sa malawakang ugnayan sa iba't ibang kultura at bansa. Nagsisilbi itong tulay sa pakikipag-ugnaya sa iba't ibang sector gaya ng teknolohiya, kalakalan at edukasyon. Ginagamit rin ito bilang midyum sa pagtuturo sa mga asignatura gaya ng agham, matematika, pilosopiya, at Kasaysayan. Sa pag-aaral ni Saavedra (2020), ang paggamit ng wikang Ingles sa pagtuturo ng Siyensya at Matematika ay mas pinapanigan ng mga guro kaysa sa paggamit ng Mother Tongue ng mga mag-aaral. Ito ay sa kadahilanang may mga terminong teknikal na walang katumbas sa wikang katutubo.

Ayon kay Juayong- Caldoza (2023) maraming tao ang nag- aaral ng Ingles para mapabuti ang kanilang trabaho, samantalang ang iba naman ay para magkaroon ng impresyon ng katalinuhan o kapangyarihan. Hindi maitatanggi na ang dominasyon ng Ingles ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unlad ng globalisasyon.

Ayon kay Cabigon (2015), ang Pilipinas ay itinuturing na isa sa pinakamalaking bansang nagsasalita ng Ingles kung kaya't mahalaga para sa mga Pilipino na mahasa at malinang ang kanilang kasanayan sa wikang ito subalit hindi maikakaila na hindi madali na pag-aralan ang isang wika na hindi bunga ng iyong kultura o hindi ang iyong pangunahing wika. Ayon kay Coşkun (2021) ang pag-aaral ng wika ay mapapadali sa pamamagitan ng paghasa ng kasanayan sa pakikinig.

Gayunpaman, ang pakikinig ay isa sa pinakamahirap na kasanayan na nangangailangan ng malalim na pag-unawa. Ang ilang aspeto ay nakatuon sa pag-aaral ng pakikinig kabilang ang maraming gawain tulad ng pagkakaiba-iba ng iba't ibang tunog, pagbigkas at intonasyon. Ang pagpapaunlad ng kakayahan sa pakikinig sa Ingles ay magbubukas ng pintuan sa mas mabisang interasksyon at komunikasyon sa iba't ibang larangan ng edukasyon at propesyonal na mundo. Ang mga nag-aaral ng Ingles ay gumagamit ng malalim na pag-unawa upang maintindihan ang mensaheng kanilang naririnig (Namaziandost et al., 2019).

Sa pag-aaral ni Hoang (2024) na naglalayong malaman ang pananaw ng mga mag-aaral na hindi nagpapakadalubhasa sa wikang Ingles, bukod dito, layunin din nitong alamin ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral. Mixed methods ang ginamit na pamamaraan para isagawa ang pagsusuri kung saan ang datos ay nakalap mula sa 90 na mga mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo na mga English non-major students at limang guro sa Ingles mula sa Economics Faculty sa Hanoi Open University. Ganito din ang disenyong ginamit sa pag-aaral nina Saavedra at Karanain (2022). Inanalisa ang mga datos gamit ang parehong kwantitatibong at kwalitatibong paraan, kabilang ang mga datos mula sa survey questionnaires para sa mga mag-aaral at mga tanong sa panayam para sa mga guro. Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay may positibong kamalayan sa papel ng kasanayan sa pakikinig sa Ingles, at ang mga suliraning kinakaharap sa pang-unawang pakikinig ay nagmumula sa pisikal na setting at sa mga tagapakinig o mag-aaral mismo.

Samakatuwid, mahalaga ang patuloy na pagsasanay at pag-unlad ng kasanayan sa pakikinig, lalo na sa konteksto ng pagsasanay sa wikang Ingles, upang maging epektibo at mahusay sa pakikipagtalastasan sa iba't ibang larangan.

**3.5 Hamon sa Pakikinig at Pag-unawa sa Ingles**

Ayon sa pag-aaral Hayrapetyan (2016) na ang pakikinig at pag-unawa ay dalawang magkaibang kasanayan kung saan ang tagapakinig ay nagpapanatili ng mga tunog at nagbibigay kahulugan sa teksto sa pamamagitan ng paghahalungkat ng mga palatandaan tulad ng kaalaman sa bokabularyo, intonasyon, at kakayahan sa pagpapahayag.

Sa madaling salita, ang pakikinig at pag-unawa sa pakikinig ay tumutukoy sa kakayahan na maunawaan ang mga panlabas na impormasyon sa pamamagitan ng serye ng mga proseso sa isipan pati na rin ang kalagayan ng pagpapakita ng mga reaksiyon batay sa proseso ng interpretasyon.

Ayon kina Danh at Quan (2021), pagdating sa aktibong pakikinig, ginagamit ng mga tagapakinig ang kanilang pragmatic, phonetic, phonological, syntactic at semantic na kakayahan upang ma-decode ang kahulugan ng mga naririnig na pangungusap. Ang komunikasyon ayon kay Ahmed (2021) ay napuputol kapag walang kakayahan na maunawaan ang mensahe pagkatapos mapakinggan. Ang pakikinig bilang panungahing kasanayan sa wika ay nananatiling isang mahalagang kasanayan sa wika sa komunikasyon ng tao, pagtuturo ng wika at pag-aaral. Ito rin ay itinuturing na pundasyon kung saan itinatayo at pinapa- unlad ang iba pang kasanayan sa wika (Obiweluozo & Melefa, 2013). Ayon kay Ahmed (2017) mahalaga na mula sa kabataan ay pinapaunlad na ng mga mag-aaral ang kasanayan sa pakikinig upang maipatibay ang kanilang kakayahang makipagtalastasan.

Gayunpaman, sa konteksto ng English as a Foreign Language, ang kasanayan sa pakikinig ay iniiwasan kung kaya't ang mga mag-aaral ay nanganganib sa kasanayan sa pakikinig dahil nakakaranas sila ng hamon sa pagbuo ng nabanggit na kasanayan (Ulum, 2015). Nabanggit ni Asriati (2017) ang sinabi ni Graham (2005) na sa kasalukuyan batay sa karanasan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa napakinggan ipinapakita na ang pakikinig ang pinakamahirap na kasanayang dapat pagtuunan.Ang iba't ibang mga suliranin sa pakikinig tulad ng pagtukoy ng hinaharap, paghuhula ng mga hindi kilalang salita, pagkilala sa pangunahing punto, at marami pang iba't ibang suliranin ay patuloy na kinakaharap ng mga mag-aaral sa asignaturang pakikinig (Hamouda, 2013). Sa gayon, mahalaga na seryosohin ang sitwasyong ito upang mabawasan ang mga problema sa pakikinig at gawing madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang pinakikinggan.

Sa pag- aaral na isinagawa ni Umpa (2023) na naglalayong matukoy ang mga suliranin sa pakikinig ng mga mag-aaral kapag nakikinig sa mga katutubong nagsasalita ng Ingles. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral ng Grade 11 mula sa Philippine Engineering and Agro-Industrial College, Inc., na binubuo ng 226 na mga mag-aaral mula sa Senior High School Department. Ginamit sa pag-aaral ang isang survey questionnaire upang alamin ang mga suliranin sa pang-unawa sa pakikinig ng mga mag-aaral kapag nakikinig sa mga katutubong nagsasalita ng Ingles. Natuklasan sa pag-aaral na limang mga suliranin sa pang-unawa sa pakikinig ang may malaking epekto sa kakayahan ng mga kalahok na ma-acquire, ma-retain, at ma-interpret ang impormasyon kapag nakikinig sa Ingles na teksto. Kasama sa mga suliranin ang mga salik ng tagapakinig, linguistika, kakulangan sa konsentrasyon, pagkilala sa mga salita, at mga salik ng tagapagsalita. Ang IELTS listening test ay may kaugnayan sa pagsusuri ng kakayahan sa pakikinig ng mga mag-aaral sa K-12 at sa pagpapabuti ng kanilang pang-unawa sa pamamagitan ng pag-identify ng kanilang mga suliranin sa pang-unawa sa pakikinig.

Hindi madali na pag-aralan ang wika, lalo pa kung hindi ito ang katutubo at pangunahing wika ng tao. Kaakibat nito ang maraming hamon ngunit mahalaga na magtuon ng pansin sa pagbuo ng kasanayan sa pakikinig sa Ingles. Ito ay isang mahalagang hakbang upang mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wika at mapabuti ang kanilang pangkalahatang pag-unlad sa akademiko at sa iba't ibang aspeto ng buhay.

## IV.BATAYANG TEORETIKAL

Sa pananaliksik patungkol sa pag-unawa sa pakikinig ang Constructivist Theory of Perception at Metacognitive Theory ang ginamit bilang suporta sa pag-araal na ito. Ang dalawang teoryang ito ay may layunin sa pagpapalakas sa aktibo, subjektibo, at self-regulated na kalikasan ng pagmamasid. Binibigyang-diin dito ang kahalagahan ng mga cognitive processes at mga naunang kaalaman sa pag-unawa ng mga indibidwal sa mundo.

Ibig sabihin, ang mga teoryang ito ay nagpapakita na ang mga tao ay hindi lamang pasibong tumatanggap ng impormasyon mula sa kanilang paligid kundi aktibong nangangalap, namamaraan, at nagbibigay-kahulugan sa mga ito ayon sa kanilang sariling pananaw at karanasan. Bukod dito, ipinapakita rin ng mga ito na ang pag-unawa ng isang tao sa kanyang sariling cognitive processes gayundin ang paggamit ng kanyang mga naunang kaalaman ay mahalaga sa pagpapasya at pagpapahayag ng kanyang sariling karanasan at pananaw sa mundo. Sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga aspektong ito, layon ng dalawang teorya na unawain at pabutihin ang proseso ng pag-unawa ng tao sa sarili at sa kanyang paligid.

Ang Constructivist Theory of Perception na iminungkahi ni Richard Gregory noong 1970, isang teorya sa sikolohiya na nagpapaliwanag kung paano natin nauunawaan ang mundo sa pamamagitan ng mga sensasyon na natatanggap natin mula sa kapaligiran at kung paano natin binubuo ang mga ito upang makabuo ng isang kumpletong pag-unawa. Ipinapakita rito ang kahalagahan ng aktibong papel ng utak sa pagbuo ng kahulugan at pag-unawa sa mundo, kung saan ang mga karanasan ay binubuo at ginagawa batay sa mga impormasyong natatanggap natin. Sa konteksto ng pakikinig, naipapaliwanag ng teoryang ito kung paano binubuo ang mga salita, tunog, at iba pang impormasyon na naririnig upang maunawaan ang mensahe na ibinabahagi. Sa pamamagitan ng mga sensyasyon at stimulus mula sa pandinig, binubuo ng utak ang impormasyon upang makabuo ng isang kumpletong larawan o kahulugan sa mga salitang narinig.

Ang Metacognitive Theory naman na iminungkahi ni John Flavell noong 1979. Sa teoryang ito ipinapaliwanag ang kahalagahan ng metacognition at pangangasiwa sa mga gawain ng kaisipan tulad ng pagplano, pag-aaral, paglutas ng mga problema, at pagtatasa sariling pag-unawa at kakayahan. Sa konteksto ng pakikinig, ang teoryang ito ay nagbibigay ng mahalagang kaalaman sa kung paano sinusubaybayan at tinatanggap ng pag-unawa ng isang indibiduwal ang mensaheng kaniyang naririnig. Sa pamamagitan ng pag-unawa at pagpapahalaga sa metacognition, ang teoryang ito ay naglalayong mapabuti ang proseso ng pag-aaral at pag-unawa ng mga indibidwal.

Samakatuwid, ginamit na batayan ang mga teoryang ito sapagkat may kaugnayan ito sa maaaring mga hamon na kinakaharap ng isang tao sa pakikipagtalastasan sapagkat maraming mga salik ang maaaring makaapekto sa pag-unawa nito sa pakikinig. HIndi lamang ang mga external factors kundi pati na rin sa kung paano tanggapin ng aktibong papel ng utak ang pagpapakahulugan sa salita o tunog na naririnig.

## V.METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng detalyadong pagsasalaysay tungkol sa mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik sa kanilang pag-aaral, paraan ng pagpili ng mga kalahok, mga instrumentong ginamit sa pagkuha ng datos, proseso ng pagtitipon ng datos, at estadistikal na pamamaraang ginamit sa pag-analisa ng mga ito. Sa pamamagitan ng maingat na pagpili at pagsusuri sa mga ginamit na pamamaraan, instrumento at kalahok, ang mga mananaliksik ay nagpursigi na gawing mas epektibo at kapaki-pakinabang ang kanilang pag-aaral.

### 5.1 Pamamaraang Ginamit

Ang mga mananalisik ay gumamit ng deskriptibong paraan ng pananaliksik. Layunin nitong ilarawan at tukuyin ang mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa ingles ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ang “Descriptive Survey Research Design” ang napiling gamitin ng mga mananaliksik at gumamit ng talatanungan o survey questionnaire sa paglilikom ng datos. Ang pagpili ng disenyong ito ay angkop sa layunin ng pag-aaral ng mga nanaliksik sapagkat mas napabilis ang isinagawang pangangalap ng datos mula sa maraming kalahok at nagbigay ito ng sapat ng impormasyon na saklaw sa kahalagahan ng pag-aaral.

5.2 Paraan ng Pagpili ng mga Kalahok

Ang paraan na gagamitin sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay Purposive Sampling sapagkat ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa layunin ng pag-aaral at mga katangian ng populasyon. Ang mga napiling kalahok ay mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Dalawampung (20) mag-aaral mula sa ikalawang antas, labingsiyan (19) na mag-aaral mula sa ikatlong antas at labing anim (16) na mag-aaral mula sa ika-apat na antas. Sa kabuoan ay mayroong limampu’t limang (55) bilang ng mga mag-aaral ang kalahok sa pananaliksik.

5.3 Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Ang talatanungan o survey questionnaire ay hinango mula sa pag-aaral ni Umpa (2023) na IELTS LISTENING TEST: LISTENING COMPREHENSION DIFFICULTIES OF GRADE 11 STUDENTS. Ito ay sumailalim sa pilot testing upang subukin ang validity at reliability bago ang pagpapatupad nito sa isinagawang pag-aaral. Ang reliability ng talatanungan ay .874 or 84.7% ibig sabihin ang instrumento ay maaaring gamitin sa para sa gagawing pananaliksik. Ang malaking bilang ng mga mag-aaral na respondente sa isinagawang pag-aaral ang tumulong sa instrumento na makakuha ng higit sa 0.70 na validity.

*Reliability Statistics*

| Cronbach's Alpha | Number of Items |
|---|---|
| 0.847 | 20 |

*Scale Statistics*

| Mean | Variance | Std. Deviation | Number of Items |
|---|---|---|---|
| 62.9833 | 124.864 | 11.17426 | 20 |

Ang mga mananaliksik ay gagamit ng talatanungan may mga deskriptibong pahayag na nahahati sa limang kategorya; listener factor, linguistic aspect, lack of concentration factor, word recognition problem at speaker factor upang surrin ang mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa ingles. Mayroong apat (4) na deskriptibong pahayag para sa listener factor gayundin sa linguistics aspects, anim (6) para sa lack of concentration factor at tatlo (3) para sa word recognition problem gayundin para sa speaker factor. Upang mabigyang kasagutan ang talatanungan ay gagamitin ng mga mananaliksik ang lima (5) Point-Likert Scale o pagpipilian upang matukoy ang mga salik sa pag-unawa ng mga mag-aaral na makikita sa ibaba:

5 – Lubusang Sumasang-ayon
4 – Sumasang-ayon
3 – Hindi Sigurado
2 – Hindi Sumasang-ayon
1 – Lubusang Hindi Sumasang-ayon

**5.4 Estadistikang Ginamit**

Ang pangunahing estadistikal na pamamaraan na ginamit ay five-point Likert Scale upang matukoy ang katumbas na bigat para sa pananaw ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino hinggil sa mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles.

Upang matukoy ang minimum at maximum na haba ng uri ng five-point Likert Scale, ang range ay kinalkula sa pamamagitan ng (5 - 1 = 4) na pagkatapos ay hinati ang lima (5) bilang ito ang pinakamataas na bilang sa scale (5∕4 = 0.80). Sumusunod rito, ang unang bilang, ang pinakamababang numero ay idinagdag upang matukoy ang maximum ng cell na ito. Ang haba ng cell ay matutukoy sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba.

**Talahanayan 1.** ***Estadistikang ginamit sa pagtukoy ng mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig ng Ingles***

| Range | 5-point Likert Scale | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| 1.00 – 1.80 | 1 | Lubusang hindi sumasang-ayon |
| 1.81 – 2.60 | 2 | Hindi sumasang-ayon |
| 2.61 – 3.40 | 3 | Hindi Sigurado |
| 3.41 – 4.20 | 4 | Sumasang-ayon |
| 4.21 – 5.00 | 5 | Lubusang Sumasang-ayon |

**Talahanayan 2.** ***Estadistikang ginamit sa pagtukoy ng kategoryang madali at mahirap na hamon sa pag-unawa sa pakikinig ng Ingles***

| Range | 5-point Likert Scale | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| 1.00 – 1.80 | 1 | Pinakamadali |
| 1.81 – 2.60 | 2 | Madali |
| 2.61 – 3.40 | 3 | Katamtaman |
| 3.41 – 4.20 | 4 | Mahirap |
| 4.21 – 5.00 | 5 | Pinakamahirap |

Ginamit ng mga mananaliksik ang *Kruskal-Wallis Test* na isang non-parametric na alternatibo sa *one-way ANOVA* upang masagot at masuri ang makabuluhang pagkakaiba sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa ikalawa hanggang ikaapat na taon. Karaniwang ginagamit ang pagsusuring ito kung hindi natutugunan ang pagpapalagay ng normalidad, uri ng datos at *homogeneity of variance*.

## VI. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap upang malaman at masagot ang mga suliranin sa pag-aaral. Ang mga datos na may katangiang istatistikal ay inilahad sa talahanayan at tektwal na presentasyon at ang pagtatalakay ay iniayos sa pagkakasunod-sunod ng suliraning inihayag. Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Ano ang mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ng mga mag-aaral sa na nagpapakadalubhasa sa Filipino?

**Talahanayan 3.** ***Mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino***

| Pahayag | Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| Hindi ako makapagpokus kapag ang usapan ay maikli at hindi ako interesado. | 3.64 | Sumasang-ayon |
| Kailangan kong higit na magpokus kapag iniisip ko ang kahulugan ng isang bagong salita. | 4.00 | Sumasang-ayon |
| Hindi ako makapagpokus kapag nakikinig sa recording na may mababang kalidad. | 3.80 | Sumasang-ayon |
| Humihinto ako sa pakikinig kapag naiisip ko ang kahulugan ng salitang hindi pamilyar sa'kin. | 3.76 | Sumasang-ayon |
| Nahihirapan akong intindihin nang mabuti ang sinasabi kapag masyadong mabilis magsalita ang tagapagsalita. | 3.64 | Sumasang-ayon |

Ipinapakita sa talahanayan bilang 3 na mula sa tugon ng mga mag-aaral na nasa ikalawa, ikatlo at ikaapat na taon, natukoy ng mga mananaliksik mula sa *mean score* sa bawat tanong na nasa talatanungan ang mga itinuturing na hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles. Ang mga tanong na may *mean score* na 3.41-4.20 ay may *adjectival interpretation* na "sumasang-ayon" sa mga negatibong pahayag ay itinuturing na hamon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino.

Batay sa resulta ng pananaliksik, natuklasan na ang mga hamon sa pakikinig ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino ay may limang pangunahing hamon na ibinahagi ng tatlong magkakaibang antas. Kabilang sa mga pahayag na sinagutan ng mga mag-aaral ang; "Hindi ako makapagpokus kapag ang usapan ay maikli at hindi ako interesado," "Kailangan kong higit na magpokus kapag iniisip ko ang mga kahulugan ng mga bagong salita," "Hindi ako makapagpokus kapag nakikinig sa recording na may mababang kalidad," "Humihinto ako sa pakikinig kapag naiisip ko ang kahulugan ng salitang hindi pamilyar sa'kin," at "Nahihirapan akong intindihin nang mabuti ang sinasabi kapag masyadong mabilis magsalita ang tagapagsalita." Ang mga pahayag na ito ay may *mean* na kabilang sa nabanggit na saklaw, na naglalantad sa mga hamon ng mga mag-aaral sa pakikinig.

Sumasang-ayon ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa pag-aaral nina Kristantiningsih at Nurlaily (2023) na isinagawa sa Batam, Indonesia na kung saan hindi rin Ingles ang unang wika ng mga mag-aaral katulad ng mga kalahok. Sa pag-aaral nila, nabanggit na ang unang suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral ay may kinalaman sa antas ng kanilang konsentrasyon. Ang kawalan ng konsentrasyon ay isang hamon na nagmumula sa iba't ibang salik na may kaugnayan sa interes, kahirapan sa pag-unawa at sa kalidad ng materyales na pinapakinggan o ng mismong tagapagsalita. Sa parehong pag-aaral ni Kristantiningsih at Nurlaily (2023), ayon sa kanila, nagpapahirap sa mga mag-aaral ang mababang kalidad ng mga materyales tulad ng *tape recorder* na naglalabas ng mababang kalidad ng tunog na halos hindi na marinig ng mga mag-aaral na nakakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pakikinig at lalong mahirap kung ang pinapakinggan ay hindi unang wika ng mga mag-aaral ngunit itinuturing ng mga *intermediate* at *advanced* na mag-aaral na isang problema ito na hindi kayang solusyonan ng kakayahan sa pag-unawa. Isa itong pangunahing problema na hindi maiiwasan maliban na lamang

kung aayusin mula sa labas. Gayunpaman, ay kabilang pa rin ito sa isang hamon na kung saan ay nagdudulot ito ng kawalan ng konsentrasyon. Ang kawalan ng konsentrasyon na ito ay maaaring magbunga na maraming suliranin gaya na lamang ng maling interpretasyon, hindi tamang sagot sa mga tanong, hindi ganap na nakukuha ang kabuuang detalye ng pinag-uusapan at maaaring magkaroon ng limitadong kaalaman na nagiging sagabal sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman ni Romadhon (2022), lumabas na karamihan sa mga mag-aaral ay nagsabi na ang jargon at iba pang bagong salita ay nagdulot ng kahirapan sa kanilang pag-unawa sa kanilang naririnig. Ang kinalabasang ito ay tumutugma sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan ay isang hamon ang pagkakaroon ng hindi pamilyar na salita sa kanilang pakikinig. Ipinapakita nito na ang limitadong bokabularyo ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa proseso ng pakikipag-usap o pagkatuto. Ang hamon na ito ay nakakapagdulot ng negatibong epekto sa pag-intindi sa kabuuang impormasyon na nagiging hadlang sa kanilang kakayahang makipag-usap nang malinaw at epektibo lalo na sa larang ng akademiko.

Sumasang-ayon rin ang isang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa pag-aaral na sininagawa ni Rungsinanont (2024) na nahihirapan ang mga tagapakinig na umunawa kapag ang mga tagapagsalita ay mabilis magsalita. Ito ay isang hamon na nagpapahirap sa mga mag-aaral na magproseso ng impormasyon, lalo na kung ang bilis ng pagsasalita ay hindi naaayon sa kanilang kakayahan sa pakikinig. Dahil dito, nagiging mahirap para sa kanila na makuha ang wastong mensahe na maaaring magresulta sa kakulangan ng tamang pag-unawa o pagkabigo sa kanilang pagkatuto.

2. Alin sa mga kategorya sa pag-unawa sa pakikinig ang madali at mahirap sa mga mag-aaral\na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa ikalawa, ikatlo at ikaapat na taon?

**Talahanayan 4. *Mga kategorya sa pag-unawa sa pakikinig na madali at mahirap sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Ikalawang Antas***

| Category | Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| Listener Factor | 3.29 | Katamtaman |
| Linguistic aspect | 3.46 | Mahirap |
| Lack of concentration factor | 3.53 | Mahirap |
| Word recognition problem | 3.57 | Mahirap |
| Speaker factor | 3.50 | Mahirap |

Ayon sa talahanayan bilang 4 na sinagutan ng mga mag-aaral na nasa ikalawang taon na nagpapakadalubhasa sa Filipino, lumalabas na apat mula sa limang kategorya ang itinuturing nilang hamon na kung saan sinagutan nila ito ng lubusang sumusang-ayon na nangangahulugang mahirap ang naturang hamon para sa kanila*; Linguistics aspects* (3.49), *Lack of concentration factor* (3.53), *word recognition problem* (3.57), at *Speaker factor* (3.50), ang *mean* ng bawat kategorya ay nahuhulog sa *range* na 3.41 - 4.20 na may *adjectival interpretation* na mahirap samantalang ang kategoryang *Listener factor* ay may *mean* na 3.29 na may *adjectival interepretation* na katamtaman. Ito ay nangangahulugan na maituturing na mahirap na hamon sa pag-unawa sa pakikinig ng mga mag- aaral sa ikalawang taon ang apat mula sa limang kategorya. Makikita sa talahanayan na walang kategorya ang may *adjectival interpretation* na “madali” kung kaya’t walang maituturing na madaling hamon para sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa ikalawang antas.

**Talahanayan 5. *Mga kategorya sa pag-unawa sa pakikinig na madali at mahirap sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Ikatlong Antas***

| Category | Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| Listener Factor | 3.61 | Mahirap |
| Linguistic aspect | 3.50 | Mahirap |
| Lack of concentration factor | 3.66 | Mahirap |
| Word recognition problem | 3.67 | Mahirap |
| Speaker factor | 3.54 | Mahirap |

Ayon sa Talahanayan bilang 5 na sinagutan ng mga mag-aaral na nasa ikatlong taon na nagpapakadalubhasa sa Filipino, lumalabas na lahat ng mga hamon na nabibilang sa limang kategorya ay mahirap para sa kanila. Ang nakuhang mean sa bawat kategorya ay; *Listener factor* (3.61), *Linguistic aspect* (3.50), *Lack of concentration factor* (3.66)*, Word recognition problem* (3.67) *at Speaker factor* (3.54) ang mga mean ng bawat kategorya ay umiikot sa 3.41 - 4.20 na may adjectival interpretation na mahirap. Katulad ng talahanayan 4, wala ring madaling kategorya sa pag-unawa sa pakikinig para sa mga mag-aaral sa ikatlong taon.

**Talahanayan 6.** ***Mga kategorya sa pag-unawa sa pakikinig na madali at mahirap sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Ikaapat na Antas***

| Category | Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| Listener Factor | 3.56 | Mahirap |
| Linguistic aspect | 3.14 | Katamtaman |
| Lack of concentration factor | 3.48 | Mahirap |
| Word recognition problem | 3.27 | Katamtaman |
| Speaker factor | 3.56 | Mahirap |

Ayon sa Talahanayan bilang 6 na sinagutan ng mga mag-aaral na nasa ikaapat na taon na nagpapakadalubhasa sa Filipino, lumalabas na tatlo mula sa limang kategorya ang mahirap para sa kanila; *Listener factor* (3.56), *Lack of concentration factor* (3.48) at *Speaker factor* (3.56) ang *mean* ng bawat kategorya ay nahuhulog sa *range* na 3.41 - 4.20 na may *adjectival interpretation* na mahirap samantalang ang kategoryang *Linguistics aspects* na may mean na 3.14 at Word recognition problem na may mean na 3.27 ay may *adjectival interpretation* na katamtaman. Katulad ng talahanayan ng dalawang unang talahanayan, wala ring madaling kategorya sa pag-unawa sa pakikinig para sa mga mag-aaral sa ikaapat na taon.

Mahihinuha mula sa resulta ng talahanayan bilang 4 na para sa ikalawang taon mahirap ang mga kategoryang linguistics aspects (3.49), lack of concentration factor (3.53), word recognition problem (3.57), at speaker factor (3.50), sa talahanayan bilang 5 naman, ang mga mag- aaral mula sa ikatlong taon naman ay nahihirapan din sa mga nabanggit na kategorya, idagdag pa ang listener factor (3.61), sa talahanayan bilang 6 naman, para sa mga mag-aaral mula sa ikaapat na taon tatlong kategorya na lamang ang itinuturing nilang mahirap na hamon sa kanilang pag-unawa sa pakikinig sa Ingles; listener factor (3.56), lack of concentration factor (3.48) at speaker factor (3.56).

Ang mga mag- aaral sa ikalawa at ikatlong taon ay nahihirapan sa mas maraming aspeto kumpara sa mga mag- aaral na nasa ikaapat na taon, makikita na nabawasan na ang mga kategoryang itinuturing na mahirap sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles. Gayunpaman, nananatiling mahirap na hamon para sa tatlong antas ang mga kategoryang— listener factor, lack of concentration factor at speaker factor. Samantalang walang madaling kategorya para sa mga mag-aaral na ito.

Ayon kina Renandya at Widodo (2016), ang pagkatuto ng pakikinig ay mahirap lalo pa kung ito ay sa banyagang wika— mas marami pang hamon ang kaakibat nito. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay nasa antas na ng kolehiyo ngunit kinakaharap pa rin ang maraming hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles, bagamat sila ay mga Filipino majors kung tawagin, mahalaga pa rin na maging mahusay sa lingua franca ng mundo. Ayon pa kay Nishanthi (2018) ang pag-aaral ng Ingles ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng kakayahan na makipagtalastasann nang epektibo sa kapwa mamamayan sa buong mundo. Sinang-ayunan naman ni Goh (1999) ang binangggit ni Renandya et. al na komplikadong kakayahan di umano ang pakikinig. Dagdag pa niya, ang pakikinig ay matagal nang naging pangunahing paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa atersyaryong edukasyon, kung saan ang lektyur, seminar at tutorial ang pinakakaraniwang paraan ng paghahatid ng nilalaman at kaalaman. Subalit, makikita sa resulta na nahihirapan ang mga kalahok sa kategoryang listener factor at sumang-ayon na mahirap ang mga hamong nakapaloob dito. Sumasang-ayon sila na nahihirapan silang pakinggan at unawain ang mga naka- rekord na materyales kapag hindi ito inuulit ng dalawang beses o higit pa. Nagpapahiwatig ito ng limitasyon sa kanilang kakayahan na magproseso at unawain ang impormasyon nang mabilis at epektibo. Samakatuwid, kinakailangan nila nang sapat na oras upang maproseso ang mga impormasyon.

Ayon kay Vandergrift (2007), ang mga tagapakinig ay nangangailangan ng cognitive at metacognitive strategies upang mauanawaan ng pinakikinggan. Malinaw na isang malaking hamon ang kategoryang listener factor para sa mga mag-aaral sapagkat nalilimitahan ang kanilang kakayahang makinig, umunaw at magproseso ng impormasyon sa maikling oras, lalo na kung walang sapat na oras o oportunidad upang muling mapakinggan ang materyal. Sinang-ayunan ito ni Underwood (1084) na binanggit sa pag-aaral ni Hamuda (2023) kung saan sinabi niya na ang mga tagapakinig ay hindi palaging nabibigyan ng pagkakataon na mapakinggan muli ang narinig hanggang sa ito'y maunawan. Naipaliwanag din ni Alzamil (2021) na hindi laging natutugunan ng paulit-ulit na pakikinig ang hamon sa pag-alala ng napakinggan. Sa madaling salita, nararapat na magkaroon ng mas epektibong estratehiya at kasanayan upang matagumpayan ang hamon sa kategoryang ito nang sa gayon ay mapabuti at malinang ang kasanayan sa pag-unawa sa pakikinig sa ingles ng mga mag-aaral.

Natuklasan din na bukod sa listener factor, itinuturing din na mahirap ang kategorya ang lack of concentration factor. Sumasang-ayon ang mga mag-aaral na hindi sila makapagpokus kapag ang usapan ay maikli at hindi sila interesado roon, gayundin kailangan nilang higit na magpokus kapag iniisip nila ang kahulugan ng isang bagong salita. Bukod dito, sumasang-ayon din sila na hindi sila makapagpokus kapag nakikinig sila sa recording na may mababang kalidad.

Ayon kay Rost (2011), ang pakikinig ay isang aktibong proseso na nangangailangan ng sustained attention. Ang mga mag-aaral na may kakulangan sa konsentrasyon ay nakakaranas ng paghihirap sa proseso ng pakikinig, hindi nakapagbibigay ng tamang atensyon sa detalye ng napakinggan na nagreresulta sa hindi pag-unawa sa diwa ng mensahe. Ayon kina Bingol et al. (2014), maraming hamon ang maaaring kaharapin ng mga mag-aaral sa proseso ng pag-unawa sa pakikinig at mahalaga ang pag-alam sa mga problemang ito upang magawan ng solusyon. Binanggit ni Hamuda (2023) na ang kawalan ng konsentrasyon ay maaaring dulot ng panlabas na ingay, kawalan ng interes sa paksa at pagod ng mga mag-aaral — lahat ay nagdudulot ng hindi pag-unawa sa napakinggan kung kaya't itinuturing itong mahirap na hamon para sa mga kalahok. Dagdag pa rito ang mga mababang kalidad ng materyales na hadlang rin sa kanilang pagproseso ng impormasyon kaya't nawawalan sila ng konsentrasyon.

Panghuling kategorya na itinuturing hamon ng mga mag-aaral mula sa tatlong antas ay ang speaker factor. Kung saan marami ang sumang-ayon sa partikular na hamon— "Nahihirapan akong intindihin nang mabuti ang sinasabi kapag masyadong mabilis magsalita ang tagapagsalita" para sa kategoryang ito, ang hamon patungkol sa accent ay may mean score na 3.13 at adjectival interpretation na "hindi sigurado" na nangangahulugang hindi ito isang hamon para sa kanila tanging ang bilis ng pagsasalita sa ilalim ng kategoryang speaker factor ang tinuturing na mahirap hamon ng mga mag-aaral. Nilahad ni Hamuda (2023) ang pahayag ni Underwood (1989) na ang pakikinig ay isang aktibidad ng pagbibigay-pansin sa nagsasalita at pagsubok na unawain ang pinakikinggan. Nabanggit rin niya na ang bilis ng pagsasalita ay maaaring magdulot ng kahirapan sa pakikinig sa teksto. Ayon kay Asriati (2017), ang proseso ng pag-unawa sa wikang sinasalita ay komplikado, kung saan ang tagapakinig ay nagbubuo ng kahulugan ng impormasyon mula sa tagapagsalita. Ang bilis ng pagsasalita ng tagapagsalita ay nagpapahirap sa mga tagapakinig na unawain ang sinasabi nito lalo pa't nasa wikang Ingles ito na hindi unang wika ng mga kalahok. Pinatunayan ni Hamuda (2023) ang pagiging hamon ng aspetong ito sa pamamagitan ng pag-aaral ni Zhao (1997) na nagsabi na ang bilis ng pagsasalita ay kinilala bilang pangunahing salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa pakikinig. Samakatuwid, nahihirapan ang mga mag-aaral na magproseso ng impormasyon kaya mahalaga ang gampanin ng tagapagsalita sa pag-unawa sa pakikinig ng mga mag-aaral at itinuturing nilang mahirap na hamon ang bilis ng kanilang pagsasalita. Isa din sa mga salik na makatutulong sa pagkakaroon ng interes ng mga mag-aaral sa paglinang ng mga makrong kasanayang ito ay ang paggamit ng mga teknolohiya. Gayunpaman, dapat na maingat pa rin ang mga guro sa pagpili ng angkop ng teknolohiya na gagamitin sa kanilang pagtuturo (Saavedra, 2018).

3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa iba't ibang antas?

**Talahanayan 7.** ***Makabuluhang pagkakaiba sa listener factor ng pag-unawa sa pakikinig ng Ingles sa mga antas ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino***

| Category | Year Level | N | Mean Rank | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Listener Factor | 2nd Year | 20 | 22.98 | | Not Significant |
| | 3rd Year | 19 | 29.95 | 0.180 | |
| | 4th Year | 16 | 31.97 | | |

Ipinakita ng resulta ng Kruskal-Wallis test na walang makabuluhang pagkakaiba sa *Listener factor* sa pagitan ng mga mag-aaral na nasa iba't ibang antas na nagpapakadalubhasa sa Filipino (p = 0.180). Ipinapahayag ng resulta na ito na walang sapat na ebidensiya upang ipakita na ang *Listener factor* ay nakaaapekto nang malaki sa pag-unawa sa Ingles ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng kanilang pagpapakadalubhasa sa Filipino.

**Talahanayan 8.** ***Makabuluhang pagkakaiba sa linguistic aspect ng pag-unawa sa pakikinig ng Ingles sa mga antas ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino***

| Category | Year Level | N | Mean Rank | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Linguistic | 2nd Year | 20 | 33.18 | | |
| Aspects | 3rd Year | 19 | 29.34 | 0.035 | Significant |
| | 4th Year | 16 | 19.94 | | |

Ipinakita ng resulta ng Kruskal-Wallis test na mayroon makabuluhang pagkakaiba sa *Linguistic aspects* sa pagitan ng mga mag-aaral na nasa iba't ibang antas na nagpapakadalubhasa sa Filipino (p = 0.035). Ipinapahayag ng resulta na ito na mayroong epekto ang *Linguistic aspects* sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ingles batay sa kanilang antas. Ang makabuluhang pagkakaibang ito ay nagpapakita na ang kasanayan sa mga aspeto ng wika, tulad ng bokabularyo, gramatika, at istruktura, ay maaaring may kinalaman sa kanilang kakayahang magproseso at maunawaan ang mga mensahe sa Ingles.

**Talahanayan 9.** ***Makabuluhang pagkakaiba sa lack of concentration factor ng pag-unawa sa pakikinig ng Ingles sa mga antas ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino***

| Category | Year Level | N | Mean Rank | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Lack of Concentration Factor | 2nd Year | 20 | 26.55 | 0.566 | Not Significant |
| | 3rd Year | 19 | 31.08 | | |
| | 4th Year | 16 | 26.16 | | |

Ipinakita sa resulta ng Kruskal-Wallis test na walang makabuluhang pagkakaiba sa *Lack of concentration factor* sa pagitan ng mga mag-aaral na nasa iba't ibang antas na nagpapakadalubhasa sa Filipino (p = 0.566). Ipinapahayag ng resulta na ito na walang sapat na ebidensiya upang ipakita na ang *Lack of concentration factor* ay may makabuluhang epekto sa pag-unawa sa Ingles ng mga mag-aaral sa iba't ibang taon ng kanilang pagpapakadalubhasa sa Filipino. Maaaring ang kategoryang ito ay isang karaniwang hamon para sa mga mag-aaral anuman ang kanilang taon sa pag-aaral.

**Talahanayan 10.** ***Makabuluhang pagkakaiba sa word recognition problem ng pag-unawa sa pakikinig ng Ingles sa mga antas ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino***

| Category | Year Level | N | Mean Rank | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Word Recognition Problem | 2nd Year | 20 | 30.83 | 0.250 | Not Significant |
| | 3rd Year | 19 | 29.32 | | |
| | 4th Year | 16 | 22.91 | | |

Ipinakita ng resulta ng Kruskal-Wallis test na walang makabuluhang pagkakaiba sa *Word recognition problem* sa pagitan ng mga mag-aaral na nasa iba't ibang antas na nagpapakadalubhasa sa Filipino (p = 0.250). Ipinapahayag ng resulta na ito na walang sapat na ebidensiya upang ipakita na ang *Word recognition problem* ay nakaaapekto sa pag-unawa sa Ingles ng mga mag-aaral sa iba't ibang taon ng kanilang pagpapakadalubhasa sa Filipino. Ipinapakita na ang kategoryang ito ay maaaring karaniwang isyu para sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang antas.

**Talahanayan 11.** ***Makabuluhang pagkakaiba sa speaker factor ng pag-unawa sa pakikinig ng Ingles sa mga antas ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino***

| Category | Year Level | N | Mean Rank | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Linguistic Aspects | 2nd Year | 20 | 27.08 | 0.937 | Not Significant |
| | 3rd Year | 19 | 28.34 | | |
| | 4th Year | 16 | 28.75 | | |

Ipinakita ng resulta ng Kruskal-Wallis test na walang makabuluhang pagkakaiba sa Speaker factor sa pagitan ng mga mag-aaral na nasa iba't ibang antas na nagpapakadalubhasa sa Filipino (p = 0.937). Ipinapahayag ng resulta na ito na walang sapat na ebidensiya upang ipakita na ang Speaker factor ay may makabuluhang epekto sa pag-unawa sa Ingles ng mga mag-aaral sa iba't ibang taon ng kanilang pagpapakadalubhasa sa Filipino. Ipinapakita nito na ang epekto ng tagapagsalita, tulad ng bilis ng pagsasalita o intonasyon, ay hindi malaki ang pagkakaiba para sa mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng pag-aaral.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa mga datos na nakalap, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon; (1) lima sa dalawampung katanungan mula sa talatanungan na naglalahad ng mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ang umabot sa mean score na 3.4 hanggang 4.20 na may adjectival interpretation na "sumasang-ayon" na nanganagahulugang sumasang-ayon sila sa pahayag at hamon iyon para sa kanila; pagpokus sa usapan na maikli at hindi interesado, pagpokus kapag may iniisip na kahulugan ng bagong salita, pagpokus kapag nakikinig sa recording na may mababang kalidad, hamon din sa kanila ang pag-isip ng kahulugan ng salitang hindi pamilyar sa kanila, gayundin ang pag-intindi nang mabuti sa sinasabi kapag masyadong mabilis magsalita ang tagapagsalita. (2) Tatlo sa limang kategorya sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles ang mahirap para sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino; listener factor, lack of concentration factor at speaker factor samantalang wala namang kategorya para sa kanila ang madali. (3) Natuklasan na sa resulta ng Kruskal-Wallis test na tanging ang Linguistic aspect na kategorya ang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga mag-aaral na nasa iba't ibang antas na nagpapakadalubhasasa Filipino.

## VIII. REKOMENDASYON

Ang mga natuklasan ng mga mananaliksik ay nagpapakita na mayroong mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig na kinakaharap ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino sa iba't ibang kategorya tulad ng listener factor, linguistic aspect, lack of concentration factor, word recognition problem, at speaker factor. Ang mga hamong ito ay may epekto sa kanilang kakayahan na magproseso at maunawaan ang mga mensaheng kanilang naririnig. Kung kaya't iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

(1) Magsagawa ng mas malalimang pagsusuri tungkol sa mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig at alamin ang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral lalo na sa mga pagsasanay na may kinalaman sa pakikinig sa Ingles;

(2) Tuklasin ang mga makabagong estratehiya at kagamitan sa pagtuturo na may kaugnayan sa pakikinig sa Ingles upang mas maging epektibo ang mga mag-aaral sa kanilang pakikinig at pag-unawa sa wikang Ingles; at

(3) Tukuyin sa kung paano nakakaapekto ang multilingguwalismo o ang iba't ibang wika at dayalekto ng mga mag-aaral sa kakayahan nila sa pakikinig sa Ingles.

## REFERENCES


[1] Ullah. (2023). Linguistic Imperialism in the Globalized World: Examining English dominance and its sociolinguistic consequences. *Researchgate*. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/375420106_Linguistic_Imperialism_in_the_Globalized_World_Examining_English_Dominance_and_its_Sociolinguistic_Consequences

[2] Zikmundová, E. (2016, January 1). *English as a lingua franca: theory and practical implications*. Retrieved from http://dspace5.zcu.cz/bitstream/11025/22874/1/

[3] Salim, A. (2022). General Self-Confidence and its implication on students' achievement in oral presentation. *JEELLS (Journal of English Education and Linguistics Studies)*, *2*(2), 34–48. Retrieved from https://doi.org/10.30762/jeels.v2i2.95

[4] Coşkun, H., Author_Id, N., Köprü, M. U., & Author_Id, N. (2021). An Overview of listening skills of secondary school students: Barriers and suggestions. *Educational Policy Analysis and Strategic Research*, *16*(4), 49–72. Retrieved from https://doi.org/10.29329/epasr.2021.383.3

[5] Kao, Y., & Kuo, H. (2021). Diagnosing l2 English learners' listening difficulties and learning needs through computerized dynamic assessment. *Interactive Learning Environments*, *31*(4), 2219–2243. Retrieved from https://doi.org/10.1080/10494820.2021.1876738

[6] Özbay, N. (2013). The role of listening in language acquisition; The challenges and strategies in teaching listening. *International Journal of Education and Information Studies*, *4*(1), 59–63.

[7] Saavedra, A. (2020). An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development t of computer-assisted teaching strategies. *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education* (TURCOMAT) 11 (3)

[8] Santos, A., Fernandez, V., & Ilustre, R. G. (2022). English Language Proficiency in the Philippines: An Overview. *International Journal of English Language Studies*, *4*(3), 46–51. Retrieved from https://doi.org/10.32996/ijels.2022.4.3.7

[9] Azkiyah, S. N., Rahmawati, Y., Shohibussirri, M., Nisa, Y. F., Neneng, Sunengsih, & Mukminin, A. (2022). English proficiency as a predictor of academic performance in the context of non-English as a medium of instruction. *PASAA Journal*, *65*.

[10] Ajmal, M., & Kumar, T. (2020). Inculcating learners' listening motivation in English language teaching: a case study of British education and training system. *Arab World English Journal*, *11*(4), 409–425. Retrieved from https://doi.org/10.24093/awej/vol11no4.26

[11] Sebina, B., & Arua, A. E. (2014). From Perception and Knowledge to Classroom practice: Teaching listening comprehension to Setswana speakers of English in junior schools in Botswana. *International Journal of Listening*, *31*(1), 33–50. Retrieved from https://doi.org/10.1080/10904018.2014.928212

[12] Vu, H. Y., & Shah, M. (2016). Vietnamese students' self-direction in learning English listening skills. *Asian Englishes*, *18*(1), 53–66. Retrieved from https://doi.org/10.1080/13488678.2015.1136104

[13] Ahmed, K. (2021). Teaching listening among bangladeshi learners: a case study on teachers' effective feedback and students' situational impressions. *American International Journal of Social Science Research*, 45–55. Retrieved from https://doi.org/10.46281/aijssr.v9i1.1432

[14] Asriati, A. M. (2017). Factors Affecting Listening Comprehension Achievement of Students (A Descriptive Study at the Third Semester Students of Muhammadiyah University Makassar). Muhammadiyah University of Makassar, South Sulawesi.

[15] Saavedra, A. (2020). Teachers' preference on the local policy implementation of the mother tongue based-multilingual education: An assessment. *Asian EFL* 27 (2.2), 217-238

[16] Juayong-Caldoza, J. M. (2022). Factors affecting the development of productive macro skills in English among junior high school students. *Social Sciences and Education Research Review*, *10*(2).

[17] Namaziandost, E., Hafezian, M., & Shafiee, S. (2018). Exploring the association among working memory, anxiety and Iranian EFL learners' listening comprehension. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, *3*(1). Retrieved from https://doi.org/10.1186/s40862-018-0061-3

[18] Namaziandost, E., Hafezian, M., & Shafiee, S. (2018). Exploring the association among working memory, anxiety and Iranian EFL learners' listening comprehension. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, *3*(1). Retrieved from https://doi.org/10.1186/s40862-018-0061-3

[19] Hoang, T. (2024). Difficulties faced by the first year English non-major students when learning listening skills: a case study at Hanoi Open University. *Journal of Language and Life*.

[20] Saavedra, A. & Karanain, F. (2022). Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction. *Journal of Language and Linguistics 10 (1), 40-46*

[21] Hayapetyan, N. (2016). Listening problems and solutions. *Researchgate*.Retrieved https://www.researchgate.net/publication/265223755_Listening_Problems_and_Solutions

[22] Umpa, J. (2023). Ielts listening test: listening comprehension difficulties of grade 11 students. *Global Scientific Journals*, *11*(8). Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/373295985.

[23] Kristantiningsih, W., & Nurlaily, N. (2023). Analysing English Language Education Department students' listening comprehension difficulties and strategies. *Tell Teaching of English Language and Literature Journal*, 11(1), 24. https://doi.org/10.30651/tell.v11i1.16413

[24] Romadhon, R. (2022). Investigating problems faced by students in listening section of toefl test. *JOEEL Journal of English Education and Literature*, 3(2), 172–190. https://doi.org/10.38114/joeel.v3i2.220

[25] Rungsinanont, S. (2024). Factors nd Problems Affecting English Listening Comprehension Skills of Eic Undergraduate Students at Rmutl Tak, Thailand. *Revista De Gestão Social E Ambiental*, 18(5), e05203. https://doi.org/10.24857/rgsa.v18n5-043

[26] Renandya, willy and Widodo, Handoyo (eds). (2016). English Language Teaching Today: Linking Theory to Practice. *Springer International Publishing: Switzerland*

[27] Goh, C. (1998). How ESL learners with different listening abilities use comprehension strategies and tactics. Language Teaching Research, 2, 124-174.

[28] Vandergrift, L. (2005). Relationships among motivation orientations, metacognitive awareness and proficiency in L2 listening. *Applied Linguistics*, 26(1), 70-89. http://dx.doi.org/10.1093/applin/amh039

[29] Alzamil, J. (2021). Listening Skills: Important but Difficult to Learn. *Arab World English Journal (AWEJ)* 12(3), 366-374. https://dx.doi.org/10.24093/awej/vol12no3.25

[30] Rost, C., & Vandergrift, L. (2012). Teaching and Learning Second Language Listening: Metacognition in Action. London: Routledge.

[31] Bingöl, M., Celik, C. B., Yıldız, C., & Mart, Ç. T. (2014). Listening comprehension difficulties encountered by students in second language learning class. *Journal of Educational and Instructional Studies in the World*, *4*(4), 1–6. Retrieved from https://arastirmax.com/tr/system/files/dergiler/116392/makaleler/4/4/arastirmax-listening-comprehension-difficulties-encountered-students-second-language-learning-class

[32] Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners. *Webology* (ISSN: 1735-188X) 15 (1)